cologuard®
by EXACT SCIENCES

# Magsimulana tayo!

## Isang mabilis na patnubay kung paano gamitin ang iyong Cologuard® koleksyon kit na inorder ng iyong tagapagbigay ng pangangalang pangkalusugan

**Ang iyong kit ay parating na. Para sa mas detalyadong mga tagubilin, mangyaring tignan ang Patnubay sa Pasyente sa loob ng iyong Cologuard kit sa pagdating nito**

**Panoorin**
Video kung Paano Gamitin sa Cologuard.com/use

**Tumawag**
1-844-870-8870

**Live Chat**
sa Cologuard.com

## Ang nilalaman ng kit



**Kahon sa pagpapadala**




**Patnubay sa Pasyente**




**Paano isauli ang iyong kit**



**Mga tatak**



**Likido pampreserba**



**Tube at probe**



**Lalagyan ng kinolekta**



**Bracket**

### Mga Indikasyon para sa Paggamit

Ang Cologuard® ay sinadya para sa kwalipikadong pagtuklas ng colorectal neoplasia-associated DNA markers at para sa presensya ng of occult hemoglobin sa dumi ng tao. Ang positibong resulta ay maaaring magpakita ng pagkakaroon ng colorectal cancer (CRC) o advanced adenoma (AA) at dapat na sundan ng colonoscopy. Ang Cologuard ay sinadya upang suriin ang mga matatanda ng alinmang kasarian, 45 taong gulang o mas matanda, na may tipikal na karaniwang panganib para sa CRC. Ang Cologuard ay hindi kapalit para sa dayagnostikong colonoscopy o pangangasiwang colonoscopy sa mga may mataas na panganib na indibidwal.

### Mga Kontraindikasyon

Ang Cologuard ay inilaan para gamitin sa mga pasyente, edad 45 taong gulang at mas matanda, sa karaniwan na panganib na tipikal na mga kandidato para sa CRC screening. Ang Cologuard ay hindi klinikal na nasuri para sa mga sumusunod na uri ng mga pasyente:

- Mga pasyenteng may kasaysayan ng colorectal na kanser, adenoma, o iba pang nauugnay na kanser.
- Ang mga pasyente na nagkaroon ng positibong resulta mula sa isa pang paraang pagsusuri ng colorectal na kanser sa loob ng nakaraang 6 na buwan.
- Mga pasyente na sinuring may kondisyon na nauugnay sa mataas na panganib para sa colorectal na kanser. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa:
  - Inflammatory Bowel Disease (IBD)
  - Chronic ulcerative colitis (CUC)
  - Crohn's na sakit
  - Familial adenomatous polyposis (FAP)
  - Kasaysayan sa pamilya ng colorectal na kanser
- Mga pasyente na nasuri na may kaugnay na pamilya (namamana) na kanser sindrom, katulad ng Hereditary Nonpolyposis Colorectal Cancer (HNPCC o Lynch Syndrome), Peutz-Jeghers Syndrome, MYH-Associated Polyposis (MAP), Gardner's syndrome, Turcot's (or Crail's) sindrom, Cowden sindrom, Juvenile Polyposis, Cronkhite-Canada sindrom, Neurofibromatosis, o Familial Hyperplastic Polyposis.

### Mga Babala at Pag-iingat

- Ang pagganap ng Cologuard ay naitatag sa isang tipikal na pagpili na pag-aaral (ibig sabihin, iisang punto sa oras). Ang programmatic na pagganap ng Cologuard (ibig sabihin, mga benepisyo at mga panganib na may paulit-ulit na pagsubok sa isang naitatag na yugto ng panahon) ay hindi pa napag-aralan. Ang pagganap ay hindi nasusuri sa mga nasa hustong gulang na dati nang nasubok sa Cologuard. Ang hindi kababaan o kataasab ng Cologuard programmatic sensitivity kumpara sa iba pang inirerekomendang pamamaraan ng pagsusuri para sa CRC at AA ay hindi pa naitatag.
- Ang klinikal na pagpapatunay na pag-aaral ay isinagawa sa mga pasyenteng 50 taong gulang at mas matanda. Inirerekomenda ng ACS Guidelines na magsimula ang pagsusuri sa edad na 45 taong gulang. Ang pagganap ng Cologuard sa mga pasyente na may edad na 45 hanggang 49 na taong gulang ay tinantya ng pagsusuri ng sub-grupo ng mga malapit sa edad na grupo.
- Nag-iiba-iba ang mga rekomendasyon sa patnubay sa pagsusuri ng CRC para sa mga taong lampas sa edad na 75 taong gulang. Ang desisyon na suriin ang mga taong lampas sa edad na 75 taong gulang ay dapat gawin sa isang indibidwal na batayan sa pagkonsulta sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga resulta ng pagsusuri sa Cologuard ay dapat bigyang-kahulugan nang may pag-iingat sa mga matatandang pasyente habang ang halagahan ng mga maling positibong resulta ay tumataas sa edad.
- Hindi ginagarantiyahan ng negatibong resulta ng pagsusuri sa Cologuard ang kawalan ng kanser o pasulong na adenoma. Ang mga pasyente na may negatibong resulta ng pagsusuri sa Cologuard ay dapat payuhan na ipagpatuloy ang paglalahok sa isang programa sa pagsusuri ng colorectal cancer sa isa pang inirerekomendang paraan ng pagsusuri. Ang agwat ng pagssuri sa muling pagtinging na ito ay hindi pa naitatag.
- Maaaring maglabas ang Cologuard ng mga maling negatibo o maling positibong resulta. Ang isang maling positibong resulta ay nangyayari kapag ang Cologuard ay gumawa ng isang positibong resulta, kahit na ang isang colonoscopy ay hindi makakahanap ng kanser o bago maging kanser na mga polyp. Ang isang maling negatibong resulta ay nangyayari kapag ang Cologuard ay hindi nakakita ng isang bago maging kanser na polyp o colorectal na kanser kahit na ang isang colonoscopy ay nagtukoy ng positibong resulta.
- Ang mga pasyente ay hindi dapat magbigay ng sampol para sa Cologuard kung mayroon silang pagtatae o kung mayroon silang dugo sa kanilang ihi o dumi (hal., mula sa pagdurugo ng almoranas, pagdurugo ng mga hiwa o sugat sa kanilang mga kamay, pagdurugo ng tumbong, o regla).
- Upang matiyak ang integridad ng sampol, dapat matanggap ng laboratoryo ang mga ispesimen ng pasyente sa loob ng 96 na oras ng koleksyon. Ang mga pasyente ay dapat magpadala ng mgasampol ng dumi sa laboratoryo ayon sa mga tagubilin na nakasaad sa Cologuard Patient Guide.
- Ang mga pasyente ay dapat maabisuhan tungkol sa pag-iingat na nakalista sa Cologuard Patient Guide. HINDI dapat inumin ng mga pasyente ang likido ng pampreserba.
- Ang mga panganib na nauugnay sa paggamit ng Cologuard Collection Kit ay mababa, na walang malubhang masamang epekto na naiulat sa mga tao sa isang klinikal na pagsubok. Ang mga pasyente ay dapat mag-ingat kapag binubuksan at isinasara ang mga takip upang maiwasan ang panganib ng pilay sa kamay. Rx only.

cologuard®
by EXACT SCIENCES

Tagagawa:
EXACT SCIENCES CORPORATION
5505 Endeavor Lane, Madison, WI 53719
ExactSciences.com | ExactLabs.com
1-844-870-8870

Ang Cologuard ay isang rehistradong tatak-pangkalakal ng Exact Sciences Corporation. Ang lahat ng iba pang mga tatak-pangkalakal ay mga pag-aari ng kani-kanilang mga may-ari.
© 2023 Exact Sciences Corporation.
Lahat ng karapatan ay nakalaan. LBL10901rev1
TA

IVD

cologuard® by EXACT SCIENCES


**Panoorin** Video kung Paano Gamitin sa Cologuard.com/use

**Tumawag** 1-844-870-8870

**Live Chat** sa Cologuard.com

# I-Set up ang iyong koleksyon kit

## 1



- Tignan ang mga nakaraang pahina, kung saan ang mga bahagi ng kit ay inilarawan. Buksan ang lahat ng mga bahagi maliban sa plastic bag at puting tray sa ilalim ng kit

**Mga Tip:**

Hintaying kunin ang iyong sampol ng dumi hanggang sa wala kang pagtatae mula sa sakit at walang dugo sa iyong ihi o dumi (tulad ng mula sa almoranas o regla)

Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang hindi inaasahang pagdurugo

## 2



- Alisan ng lahat ng laman ng iyong pantog bago ayusin ang bracket
- Ilagay ang bracket sa ilalim ng upuan sa kubeta

## 3



- Ibaba ang upuan ng kubeta
- Alisin ang takip ng lalagyan ng koleksyon sa pamamagitan ng pagtulak nito nang pababa at pagpihit sa counterclockwise
- Kapag nabuksan, ilagay ang lalagyan sa bracket

# Kunin ang iyong sampol ng dumi

## 4



- Umupo sa kubeta at dumumi sa lalagyan


**Mga Tip:**

Ang sampol ng iyong dumiay hindi kailangang maging perpekto, ngunit dapat ipakita kung ano ang normal para sa iyo

Ang iyong sampol ng dumi ay hindi dapat mas malaki kaysa sa likidong pampreserba na bote


Huwag mag-alala kung may kaunting ihi na nakapasok sa lalagyan

## 5



- Alisin ang probe mula sa tubo. Gamitin ang probe upang simutin ang iyong sampol ng dumi
- Ganap na takpan ang mga uka sa tip ng probe ng dumi
- Ilagay ang probe sa tubo at isara ang takip

## 6




- Ibuhos ang bote ng likidong pampreserba sa lalagyan
- Pllipitin ang takip pabalik sa lalagyan

**Mga Tip:**

OK lang kung ang sampol ng dumi ay hindi ganap na sakop


# Ipadala ang iyong koleksyon kit

## 7



- Punan ang parehong mga tatak
- Ilagay ang isa sa takip ng lalagyan at isa sa paligid ng tubo

## 8



- Ilagay ang lalagyan at tubo sa puting tray sa orihinal na kahon ng pagpapadala, at itapon ang lahat ng iba pang mga bagay
- Isara ang zipper sa tuktok ng bag upang isara
- I-selyo ang kahon gamit ang nakakabit na adhesive strip sa flap ng kahon
- Alisin ang nangungunang tatak sa pagpapadala upang ilantad ang tatak ng nabayarang pagbabalik na pagpapadala [prepaid return shipping label]

Maganda ang pagkakagawa. Handa ka na sa iyong padala!

## 9




- Ipadala pabalik ang iyong kit sa UPS® sa parehas na araw o kinabukasan pagkatapos ng koleksyon

Mga pagpipilian sa pagpapadala pabalik:

1. Iskedyul ang isang UPS napickup:
   - Iskedyul online sa Cologuard.com/UPS
   - Tumawag sa 1-844-870-8870 para sa tulong
2. Dalhin sa UPS

- Mag-sign up upang makita ang iyong resulta online sa Cologuard.com/result. Ang mga resulta ay ipapadala sa iyong tagapagbigay pangangalagang pangkalusugan sa loob ng 2 linggo.